

# NAKAKASAKIT SA LAHAT ANG KRIMEN **MAKAKATULONG**



## PAANO AKO MATUTULUNGAN NG CaIVCB?

Ang CaIVCB ay isang programa ng estado na nagtutuo ang serbisyo sa pagkaloob ng pinansiyal na kompensasyon para sa maraming mga gastusing may kinalaman sa krimen. Ang mga biktima na nagdusa mula sa pisikal na pinsala, banta sa pisikal na pinsala o emosyonal na pinsala bilang isang direktang resulta ng isang marahas na krimen ay maaaring kuwalipikado para makatanggap ng tulong.

Nauunawaan ng CaIVCB na ang pinansiyal na tulong lang ay hindi magtatanggal sa trauma o emosyonal na pagdurusa sanhi ng pagiging biktima, ngunit umaasa ito na maaari nitong mapagaan ang ilan sa mga dagdag na presyon na dulot ng krimen.



## ANO ANG MGA GASTUSIN NA MAKAKATULONG ANG CaIVCB NA BAYARAN?

Ang CaIVCB ay makakatulong sa pagbabayad ng maraming uri ng mga gastusin na may kaugnayan sa krimen tulad ng mga gastusing medikal, pagpapagamot sa kalusugang pangkaisipan at pagpapalit ng bahay.

Sa ilang mga situwasyon, ang CaIVCB ay nagkaloob ng emerhensyang pinansiyal na tulong sa loob ng 30 araw. Halimbawa, maaari kayong kuwalipikado kung ang inyong personal na kaligtasan ay nanganganib at kailangan ninyong lumipat ng bahay.



## BAKIT KO KAILANGAN MAG-SUMITE NG ISANG APPLICATION SA CaIVCB?

- Ang mga adult ay dapat mag-apply sa loob ng tatlong taon mula nang maganap ang krimen.
- Ang mga menor de edad na biktima ay dapat mag-apply sa pagsapit ng kanilang ika-21 taong gulang na kaarawan. Kung ang krimen ay isang sexual offense, kailangan i-sumite ang application sa pagsapit ng ika-28 kaarawan ng biktima.



## PAANO KO MALALAMAN KUNG KARAPAT-DAPAT AKO PARA MAKATANGGAP NG TULONG?

Ang CaIVCB ay makakatulong sa mga biktima at sa mga pamilya nito kapag naganap ang krimen sa California. Maaari rin makatulong ang CaIVCB sa mga residente ng California na naging biktima habang nasa ibang estado o bansa.

Maaari rin tulongan ng CaIVCB ang ibang tao na direktang naapektuhan ng krimen.




## PAANO AKO MAKAKAKUHA NG LOKAL NA TULONG?

Makipag-ugnayan sa inyong mga lokal na Victim Witness Assistance Center advocate para makatanggap ng tulong sa pagsusumite ng inyong application.

Ang mga advocate ay makakatulong sa inyong malaman ang dapat daanan sa sistema ng kriminal na hustisya sa pamamagitan ng pagkaloob ng impormasyon sa mga mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong at mga serbisyo sa inyong county.

Bumisita sa aming lokal na Help page: [victims.ca.gov/victims/localhelp.aspx](http://victims.ca.gov/victims/localhelp.aspx)



## PAANO KO LUBOS PANG MATUTUTUNAN ANG TUNGKOL SA CaIVCB?

Tawagan kami sa: **800.777.9229**

Bumisita sa aming website sa: [victims.ca.gov](http://victims.ca.gov)

Mag-email sa amin sa: [info@victims.ca.gov](mailto:info@victims.ca.gov)



## ANG CaIVCB AY MAKAKATULONG SA MGA BIKTIMA NG KRIMEN TULAD NG:

- Paglusob o Pagsalaka
- Pag-aabuso sa bata
- Karahasan sa Tahanan
- Pagmamaneho ng lasing
- Pag-aabuso sa Matatanda
- Mga Krimen sanhi ng Poot
- Pagpatay
- Human Trafficking
- Online Harassment
- Pagnanakaw
- Sexual Assault
- Stalking
- Pagpatay sanhi ng Kapabayaan sa Pagmamaneho

## ANG CaIVCB AY MAKAKATULONG NA MAGBAYAD:

- Sa paglilinis ng lugar kung saan naganap ang krimen
- Mga gastusin sa libing
- Mga pagbabago sa tirahan o sasakyan ng mga biktima na naging baldado
- Kawalan sa kita
- Medikal at dental na paggagamot
- Mga serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan
- Paglilipat ng tirahan
- Seguridad sa tirahan

May mga limitasyon kung magkano ang maibabayad sa bawat kawalan.

Tagalog | rev. 9.1.2016